Langit ba ang Hantungan ng Tao? Totoo ba o Kathang-Isip Lamang?

Marami ang naniniwalang sila'y aakyat sa langit kapag sila'y namatay. Ilang libong tao ang namamatay taon-taon. Di mabilang ang mga pari o pastor ang nagbibigay sa mga naiwan ng kasiguruhan na ang kanilang kamag-anak ay nasa langit na kung ipagpapamisa nila ito katumbas ng ilang halaga ng salapi upang ipanalangin ang mabilis pagtungo sa langit. Paano naman yung napunta sa impierno? Palagay ba natin mas malaki ang dapat ibayad dahil malayo-layo ang lalakbayin patungong langit!

Nakatatawang isipin na ganitong paniniwala ay lalong nagtutumibay sa panahon ng pagdadalamhati at bumabangong takot sa misteryosong bagay tulad ng kamatayan. Subalit ito ba ay itinuturo ng kasulatan na aakyat sa langit o bababa sa impierno ang sinumang namatay?

Di mabilang ang basta na lamang tinatanggap ang ganitong katuruan hinggil sa tahanan sa langit maging ang nagbabagang apoy ng impiyerno na hantungan ng namatay. May isang mahusay na mangangaral ang minsa'y nag-alok ng *sampung libong dolyar* sa sinumang makapagtuturo sa kanya kung saan mababasa sa biblia ang 'imortalidad ng kaluluwa', at pati ang paniniwala na ang 'tao ay pupunta sa langit kapag namatay.' Sa tinagal-tagal ng panahon ng kanyang pagtuturo at sa dami ng nakikinig sa kanya, kahit isang tao ay walang nakakuha ng nasabing halaga o nakasagot ng tanong niya? Bakit? Dahil walang batayan ang ganoong paniniwala sa biblia!

Ang biblia ay ang aklat na ginawa ng Dios para sa tao—kapahayagan ng kaalaman na di matutuklasan ng tao sa sariling niyang pagsisikap.

Sinabi ni Pablo sa isang liham; *"Ang lahat ng mga kasulatan na kinasihan ng Dios ay mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran:"*
(**2 Timoteo 3:16**)

Ang salita ng Dios ay ang pinagmumulan ng dalisay na katotohanan na dapat nating malaman hinggil sa gantimpala ng mga banal, kamatayan, maging tungkol sa langit o impierno.

Kung totoo na ang langit ay ang gantimpala ng Dios para sa mga ligtas; ang impierno ay para sa makasalanan; o ang mga banal ay kukunin patungong langit—mayroon sana kahit isang talata sa biblia ang magpapatunay nito?

Marami ang nakaupo lamang sa simbahan ang nakikinig ng detalyadong paglalarawan sa langit subalit sila'y parang nakarinig lamang ng malabong pagpapalagay ng mangangaral mula sa iilang talata sa biblia na maaaring magkaroon ng iba't ibang interpretasyon! Dahil sa di pagkaalam at di paggawa ng sariling pagsasaliksik, marami ang tinatanggap na lang ang kinagisnang pananampalataya at minsa'y gumagawa ng sariling palagay base sa narinig sa iba.

Bakit kahit kailan di tayo nakarinig ng maingat at tamang pagtuturo sa kasulatan o kahit sermon man lang na magpapatunay na ang langit ay ginagawad sa mga ligtas? Bakit? Simple, dahil ito ay di kayang patunayan sa anumang sitas ng biblia!

Itinuro ba ni Cristo ang Resureksyon?

Palagiang paksa ni Jesus sa pagtuturo ang patungkol sa resureksyon.

Kanyang sinabi *"Katotohanan, katotohanan sinasabi ko sa inyo, Dumarating ang panahon, at ngayon nga, na maririnig ng mga patay ang tinig ng Anak ng Dios; at ang makarinig ay mabubuhay."*
(**Juan 5:25**)

Inilarawan din ni Jesus yaong mga nasa libingan sa araw ng kanyang muling pagparito;

"*Huwag ninyong ipanggilalas ito: sapagka't dumarating ang oras, na ang lahat ng nasa libingan ay makaririnig ng kaniyang tinig, At magsisilabas; ang mga nagsigawa ng mabuti, ay sa pagkabuhay na maguli sa buhay; at ang mga nagsigawa ng masama, ay sa pagkabuhay na maguli sa paghatol."* (**Juan 5:28-29**)

Ang talatang nabanggit ay nauukol sa magaganap sa hinaharap. Malinaw na sinabi Niya ang magaganap na pagkabuhay muli ng mga patay na tinatawag niya at makaririnig sa Kanya, ito ang 'resureksyon'.

Ayon sa salita ng Dios *"Sapagka't nalalaman ng mga buhay, na sila'y mamamatay: nguni't hindi nalalaman ng patay ang anomang bagay ni mayroon pa man silang kagantihan; sapagka't ang alaala sa kanila ay nakalimutan."*
(**Mangangaral 9:5**)

Sa Awit Ganito ang sinabi ni David; *"Ang patay ay hindi pumupuri sa Panginoon, ni sinomang nabababa sa katahimikan;"* (**Awit 115:17**)

Maging si Solomon na anak ni Haring David ito ang sinasabi; *"Sapagka't ang nangyayari sa mga anak ng mga tao ay nangyayari sa mga hayop: sa makatuwid isang bagay ang nangyari sa kanila: kung paanong namamatay ang hayop, gayon namamatay ang tao; oo, silang lahat ay may isang hininga; at ang tao ay wala ng karangalang higit sa hayop..."* (**Mangangaral 3:19**)

Ipinahahayag sa kasulatan na ang tao ay nabubuhay sa pisikal at kemikal na paraan. Ang kamatayan ay ang kawalan ng buhay. Sinasabi rin ng biblia na ang pumanaw na tao ay tulad din ng hayop na namatay.

Wala silang kaibahan sa isa't isa, kapwa sila namamatay at nabubulok. Tayo'y mga nilalang na mortal; kung saan ang buhay ay nakasalalay sa takbo ng ating dugo, sa hangin na ating nilalanghap at mga pagkain ipinapasok natin sa ating katawan.

Kapag tayo ay namatay, tuluyang titigil itong pisikal at kemikal na pag-iral. Ang kamatayan ay ang pagkawala ng buhay. Gayun din ang mga nangyayari sa hayop subalit ang mga ito'y di babangon sa mga patay kailanman.

Subalit si Jesucristo ay nagsabi na darating ang takdang araw kung saan *ibabangon sila sa mga patay*. Mapupunang hindi niya inilarawan ito bilang 'imortal na kaluluwa' na ibinalik sa dating patay at nabubulok na katawan!

Basahin ang buong salaysay sa Unang Corinto 15 at makikita ang isa sa mga pinakamahalagang at pinakasimpleng katuruan sa kasulatan.

Di lamang ang resureksyon ang inilarawan ng buong detalye, maging ang ilang mga mangmang na tanong ay sinagot nito.

Minsan iniisip ng tao na natalos na niya ang pinakamahirap na katanungan para sa Dios. "Paano kung ang taong namatay sa dagat ay kinain na ng pating ang mga lamang loob, sa kalaunan ay magiging bahagi ito ng katawan ng pating, at ang pating naman ay kinain ng mangingisda nakahuli sa kanya, paano susolusyunan ng Dios ang ganitong problema? Paano bubuhayin ang mga ito sa mga huling araw?"

Sa ganitong klaseng pag-iisip, mukhang imposible para sa Dios buhayin ang ganito sa mga patay ayon sa kanilang pananaw. Si Apostol Pablo ay sinagot ang katanungang tulad nito.

Datapuwa't sasabihin ng iba, Paanong muling bubuhayin ang mga patay? At anong anyo ng katawan ang iparirito nila? Ikaw na mangmang, ang inyong inihahasik ay hindi binubuhay maliban na kung mamatay: At ang iyong inihahasik ay hindi mo inihahasik ang katawang lilitaw, kundi ang butil lamang, na marahil ay trigo, o ibang bagay; Datapuwa't ang Dios ay nagbibigay ng katawan dito ayon sa kaniyang minagaling, at sa bawa't binhi ay ang sariling katawan. Hindi ang lahat ng laman ay magkasing-isang laman: kundi may laman sa mga tao, at ibang laman sa mga hayop, at ibang laman sa mga ibon, at ibang laman sa mga isda. Mayroon namang mga katawang ukol sa langit, at mga katawang ukol sa lupa: datapuwa't iba ang kaluwalhatian ng ukol sa langit, at iba ang ukol sa lupa. Iba ang kaluwalhatian ng araw, at iba ang kaluwalhatian ng buwan, at iba ang kaluwalhatian ng mga bituin; sapagka't ang isang bituin ay naiiba sa ibang bituin sa kaluwalhatian. Gayon din naman ang pagkabuhay na maguli ng mga patay. Itinatanim na may kasiraan; binubuhay na maguli na walang kasiraan; Itinatanim na may pagkasiphayo; binubuhay na maguli na may kaluwalhatian: itinatanim na may kahinaan; binubuhay na maguli na may kapangyarihan: Itinatanim na may katawang ukol sa lupa; binubuhay na maguli na katawang ukol sa espiritu. Kung may katawang ukol sa lupa ay may katawang ukol sa espiritu naman. (**1 Corinto 15:35-44**)

Ipinahayag ni Pablo na sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Dios, ang isang bulok ng katawan, ay magsasama samang muli sa mga elemento naririto sa lupa (mula sa alabok, sa alabok din magbabalik). Ang namatay ay mabubuhay muli bilang espiritung katawan tulad ni Cristo matapos na mabuhay sa mga patay!

Bagaman nauna ang nagmula sa lupa: pagkatapos ang ukol sa espiritu. Ang unang tao ay nagmula sa lupa: ang ikalawang tao ay taga langit. Kung ano ang ukol sa lupa, ay gayon din naman silang mga taga lupa: at kung ano ang ukol sa langit ay gayon din naman silang taga langit. At kung paanong tinaglay natin ang larawang ukol sa lupa, ay tataglayin din naman natin ang larawang ukol sa langit. Sinasabi ko nga ito, mga kapatid, na ang laman at ang dugo ay hindi makapagmamana ng kaharian ng Dios; ni ang kasiraan ay magmamana ng walang kasiraan.

Narito, sinasabi ko sa inyo ang isang hiwaga: hindi tayong lahat ay mangatutulog, nguni't tayong lahat ay babaguhin, Sa isang sandali, sa isang kisap-mata, sa huling pagtunog ng pakakak: sapagka't tutunog ang pakakak, at ang mga patay ay mangabubuhay na maguli na walang kasiraan, at tayo'y babaguhin. Sapagka't kinakailangan na itong may kasiraan ay magbihis ng walang kasiraan, at itong may kamatayan ay magbihis ng walang kamatayan. (**1 Corinto 15:46**)

Basahin ang kabuuang liham sa 1 Corinto 15 at tanggapin ito kung paano ito naisulat bilang salita na nagmula sa Dios! Kung ito ay ating gagawin, di na tayo maguguluhan tungkol sa pagkabuhay muli sa mga patay. Ipinakikita dito na sa

kamatayan, ang pisikal at pansamantalang katawan natin, na nabubuhay sa pagkain, tubig at hangin, ay titigil sa kumpletong paggana nito at magreresulta ng kawalan ng kamalayan at buhay.

Pinaliliwanag dito na gaano man kabilis ang pagka-agnas ng tao maging ito man naabo o nabulok sa libingan, may kakayanan ang Dios na likhaing muli ang bago at espiritung buhay sa pagbibigay ng *bagong espiritung katawan*. Hindi ang luma, at nabubulok na katawan ang muling ibabangon, kundi isang bagong espiritwal na katawan.

Resureksyon! Ang Una at Ikalawa…

Maraming talata sa biblia ang patungkol sa dakilang resureksyon o pagkabuhay muli ang mangyayari sa hinaharap. Ito ang unang resureksyon.

Pansinin ang isa sa pinakamahalaga kaganapan hinggil dito mula sa **Pahayag 20:4-6**,

At nakakita ako ng mga luklukan, at may mga nagsisiluklok sa mga ito, sila'y pinagkalooban ng paghatol: at nakita ko ang mga kaluluwa ng mga pinugutan ng ulo dahil sa patotoo ni Jesus, at dahil sa salita ng Dios, at ang mga hindi sumamba sa hayop, o sa kaniyang larawan man, at hindi tumanggap ng tanda sa kanilang noo at sa kanilang kamay; at sila'y nangabuhay, at nagsipagharing kasama ni Cristo sa loob ng isang libong taon. Ang mga iba sa mga patay ay hindi nangabuhay hanggang sa naganap ang isang libong taon. Ito ang unang pagkabuhay na maguli.

Mapalad at banal ang makasama sa unang pagkabuhay na maguli: sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon.

Si Jesus ay nagsalita hinggil sa pagkabuhay muli sa buhay, at ang pagkabuhay muli sa kahatulan, ang talatang ito ay nagpapakita na ang namatay na nabuhay na muli sa ikalawang pagbabalik ni Jesucristo ay maghahari kasama si Jesus ng isang libong taon (*1000 Years*), habang ang 'iba pang namatay' (yaong di pa makakilala o nabautismuhan sa tubig at Espiritu) ay nanatiling patay sa pagdaan ng panahong yon hanggang matapos ang isang libong taon. Maliwanag na ang unang resureksyon ay magaganap kaalinsabay ng pagbabalik ni Jesucristo at maghahari ring tulad niya dito sa lupa. At tulad nito ay mayroon pang magaganap na resureksyon matapos ang isanlibong taon, ang ikalawang resureksyon! Ito ay isang tinatawag na Malawak na Tronong Puti ng Paghatol o ang '*Great White Throne Judgment'* kung saan matitipon ang lahat ng mga tao ng ibat ibang lahi, lipi at kulay na nabuhay simula pa nung una at bibigyan ng pagkakataon sa kaligtasang handog ni Cristo! Ito ay bubuhaying muli sa laman o pisikal na anyo!

Ang Pisikal na Pagkabuhay Muli ng Israel

Basahin ang **Ezekiel 37** sa gabay ng huling bahagi ng Pahayag Apocalipsis 20.

Ang pamosong 'mga tuyong buto' sa propesiya ni Ezekiel ay tumutukoy sa buong lipi ng Israel (**v11**) na bubuhaying muli sa Malawak na Tronong Puti ng Paghatol o ang 'Great White Throne Judgment'. *Nang magkagayo'y sinabi niya sa akin, Anak ng tao, ang mga butong ito ay ang buong sangbahayan ni Israel: narito, kanilang sinasabi, Ang ating mga buto ay natuyo, at ang ating pagasa ay nawala; tayo'y lubos na nahiwalay. Kaya't manghula ka, at sabihin mo sa kanila, Ganito ang sabi ng Panginoong Dios: Narito, aking bubuksan ang inyong mga libingan, at aking pasasampahin kayo mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko; at aking dadalhin kayo sa lupain ng Israel.*

At inyong malalaman na ako ang Panginoon, pagka aking binuksan ang inyong libingan, at aking pinasampa kayo na mula sa inyong mga libingan, Oh bayan ko. At aking ilalagay ang aking Espiritu sa inyo, at kayo'y mangabubuhay, at aking ilalagay kayo sa inyong sariling lupain, at inyong malalaman na akong Panginoon ang nagsalita, at nagsagawa, sabi ng Panginoon. (**Ezekiel 37:11-14**)

Muli, makikita ang salungatang pahayag: kamatayan—pagkawala ng kamalayan—katawan ng mga bilyong tao nabubulok, nilimot sa libingan kinasadlakan—kabaligtaran naman ng paparating na pagkabuhay na maguli maging pagkatapos ng isang libong paghahari ni Jesucristo!

Ang biblia ay patuloy ang paghahayag ng Unang Resureksyon sa eksaktong ikalawang pagbabalik ni Cristo!

Kaugnay nito, pag-aralan natin ang kasulatan na ginagamit ng marami sa pagtuturo hinggil sa langit bilang isa sa hantungan ng mga namatay.

Sa sulat ni Apostol Pablo sa mga taga Tesalonica ito ang ating mababasa!

Nguni't hindi namin ibig na kayo'y di makaalam, mga kapatid, tungkol sa nangatutulog; upang kayo'y huwag mangalumbay, na gaya ng mga iba, na walang pagasa. Sapagka't kung tayo'y nagsisisampalatayang si Jesus ay namatay at nabuhay na maguli, ay gayon din naman ang nangatutulog (namatay) kay Jesus ay dadalhin ng Dios na kasama niya.

Ito'y sinasabi namin sa inyo sa salita ng Panginoon, na tayong nabubuhay, na natitira hanggang sa pagparito ng Panginoon, ay hindi tayo mauuna sa anomang paraan sa nangatutulog. Sapagka't ang Panginoon din ang bababang mula sa langit, na may isang sigaw, may tinig ng arkanghel, at may pakakak ng Dios: at ang nangamatay kay Cristo ay unang mabubuhay na maguli; Kung magkagayon, tayong nabubuhay pa, na natitira, ay aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin: at sa ganito'y sasa Panginoon tayo magpakailan man. Kaya't mag-aliwan kayo sa isa't isa ng mga salitang ito. (**1 Tesalonica 4:13-18**)

Ang tekstong ito ay laging ginagamit upang ipahiwatig na langit ang patutunguhan ng kristiano subalit bali-baligtarin man natin ang nasabing talata, malinaw na walang nabanggit hinggil sa pagpunta sa langit!

Ano ba ang sinasabi dito? Kapwa sinasabi dito na ang 'namatay kay Cristo' at ang buhay pang mga sakdal na kristiyano ay "*aagawing kasama nila sa mga alapaap, upang salubungin ang Panginoon sa hangin…*"

Hindi nabanggit na ito ay langit kundi 'sa alapaap o kaulapan'. Ang alapaap ay bahagi pa ng mundong ito tulad ng mga dagat, bundok o anumang bagay na nasasakop ng mundo.

Si Cristo ay Magbabalik!

Basahin ang unang kabanata ng Mga Gawa, ang unang mensahe matapos umakyat si Jesus sa langit:

At pagkasabi niya ng mga bagay na ito, nang Siya'y tinitingnan nila, ay dinala Siya sa itaas; at Siya'y tinanggap ng isang alapaap at ikinubli sa kanilang mga paningin. At samantalang tinititigan nila ang langit habang siya'y lumalayo, narito may dalawang lalaking nangakatayo sa tabi nila na may puting damit; Na nangagsabi naman, Kayong mga lalaking taga Galilea, bakit kayo'y nangakatayong tumitingin sa langit? itong si Jesus, na tinanggap sa langit mula sa inyo, ay paparitong gaya rin ng inyong nakitang pagparoon niya sa langit. (**Mga Gawa 1:9-11**)

Pinanood nila si Jesucristo habang nilalamon Siya ng balumbon ng ulap ilang daan talampakan mula sa kanilang nakatingalang ulo!

Maaaring di na makikita si Cristo kung ito'y may ilang libong talampakan na ang layo sa kanila! Inilarawan lang ng kasulatan na malinaw pa Siyang nakikita ng mga alagad hanggang takpan ito ng ulap mula sa kanilang paningin. Sinabi rin sa kasulatan na Siya ay muling magbabalik dito sa mundo sa parehong paraan kung paano Siya umakyat sa langit!

Muli ay balikan natin ang **1 Tesalonica 4** at basahin, walang sinabi tungkol sa '*pagpunta sa langit ng isang imortal na kaluluwa*'! Pinatunayan ng maraming beses sa kasulatan, ang pagbangon ng mga namatay kay Cristo, at ang nagbabagong anyo sa espiritu na mga 'natirang buhay' ay kakatagpuin nya sa alapaap, at sila'y mapapasa Dios magpakailanman. Subalit nasaan ang Panginoon sa mismong araw at oras na yaon?

Si Jesus ay Bababa sa Bundok ng Olivo

Siya ay muling magbabalik! Hindi basta-basta sa anumang lugar sa lupa para kunin ang makikitang banal at dadalhin bigla sa langit!

Punahin ang isang patotoo mula sa sarili mong biblia! Patungkol sa pagbabalik ng ating Panginoon.

Kung magkagayo'y lalabas ang Panginoon, at makikipaglaban sa mga bansang yaon, gaya nang siya'y makipaglaban sa araw ng pagbabaka.

At ang kaniyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan; at ang bundok ng mga Olivo ay mahahati sa gitna niya, sa dakong silanganan at sa dakong kalunuran, at magiging totoong malaking libis; at ang kalahati ng bundok ay malilipat sa dakong hilagaan, at ang kalahati ay sa dakong timugan. (**Zacarias 14:3-4**)

Ang nasabing propesiya ay tumutukoy sa 'Araw ng Panginoon', ang panahon sa hinaharap matapos ang mga dakilang tanda nasusulat sa aklat ng Apocalipses 7, at ang unang 5 selyo ng Apocalipses 6 o ang 'malaking kapighatian' na sinabi ni Jesus mismo sa Mateo 24.

Mateo 24:21-22, *Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanglibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man. At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon.*

Ang pagtitipon-tipon ng lahat ng bansa laban sa Herusalem upang lupigin ay ang parehong digmaan na binabanggit sa **Apocalipses 19:11-21**,

At nakita kong bukas ang langit; at narito, ang isang kabayong puti, at yaong nakasakay dito ay tinatawag na Tapat at Totoo; at sa katuwiran siya'y humahatol at nakikipagbaka. At ang kaniyang mga mata ay ningas ng apoy, at sa kaniyang ulo ay maraming diadema; at siya'y may isang pangalang nakasulat, na sinoman ay di nakaaalam kundi siya rin.

At siya'y nararamtan ng damit na winisikan ng dugo: at ang kaniyang pangalan ay tinatawag na Ang Salita ng Dios. At ang mga hukbong nasa langit ay sumusunod sa kaniya na mga nakasakay sa mga kabayong puti, at nangararamtan ng mahalagang linong maputi at dalisay. At sa kaniyang bibig ay lumalabas ang isang tabak na matalas, upang sa pamamagitan nito'y sugatan niya ang mga bansa: at kaniyang paghaharian ng tungkod na bakal: at niyuyurakan niya ang pisaan ng ubas ng kabangisan ng kagalitan ng Dios na Makapangyarihan sa lahat.

At siya'y mayroong isang pangalang nakasulat sa kaniyang damit at sa kaniyang hita, HARI NG MGA HARI AT PANGINOON NG MGA

PANGINOON. At nakita kong nakatayo ang isang anghel sa araw; na siya'y sumisigaw ng malakas na tinig, na nagsasabi sa lahat ng mga ibong lumilipad sa gitna ng himpapawid, Halikayo at mangagkatipon sa dakilang hapunan ng Dios upang kayo'y makakain ng laman ng mga hari, at ng laman ng mga pangulong kapitan, at ng laman ng mga taong makapangyarihan, at ng laman ng mga kabayo at ng mga nakasakay dito, at ng laman ng lahat ng mga taong laya at mga alipin man, at maliliit at malalaki. At nakita ko ang hayop, at ang mga hari sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, na nangagkakatipon upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at laban sa kaniyang hukbo. At sinunggaban ang hayop, at kasama niya ang bulaang propeta na gumawa ng mga tanda sa harapan nito, na siyang ipinangdaya sa mga nagsitanggap ng tanda ng hayop at sa mga sumamba sa larawan nito: ang dalawang ito ay inihagis na buhay sa dagatdagatang apoy na nagliliyab sa asupre: At ang mga iba ay pinatay sa tabak na lumalabas sa bibig niyaong nakasakay sa kabayo, at ang lahat ng mga ibon ay nangabusog ng mga laman nila.

Dito ay nakita ni apostol Juan na nabuksan ang langit sa kanyang pangitain at si Jesus ay nakaupo sa puting kabayo, kasunod ang hukbo ng Dios, pabalik sa mundong ito upang *"lipulin ang mga bansa at pagharian sila ng tungkod na bakal!"*

Sa pangitain, sinabi ni Juan na."*At nakita ko ang hayop, at ang mga hari sa lupa, at ang kanilang mga hukbo, na nagkakatipon upang makipagbaka laban doon sa nakasakay sa kabayo, at laban sa kaniyang hukbo."* At inilarawan ang pagkawasak ng hayop at ng bulaang propeta sa parehong araw ng ikalawang pagbabalik ni Jesucristo.

Ano ang mangyayari pagkatapos salubungin si Jesus doon sa alapaap ng mga kristyanong nabuhayng muli?

Zacarias 14:4, *At ang kaniyang mga paa ay magsisitayo sa araw na yaon sa bundok ng mga Olivo, na nasa tapat ng Jerusalem sa dakong silanganan;*

Sila'y tinipon mula sa lahat ng mga bansa ng mga makapangyarihang mga anghel upang katagpuin ang Panginoong Jesus habang Siya'y pabalik na sa Bundok ng Olivo, at sila'y bababang kasabay Niya sa Herusalem!

Pansinin ang talata sa ibaba!

Mateo 24:30-31, *At kung magkagayo'y lilitaw ang tanda ng Anak ng tao sa langit: at kung magkagayo'y magsisitaghoy ang lahat ng mga angkan sa lupa, at mangakikita nila ang Anak ng tao na napaparitong sumasa mga alapaap ng langit na may kapangyarihan at dakilang kaluwalhatian. At susuguin ang kaniyang mga anghel na may matinding pakakak, at kanilang titipunin ang kaniyang mga hinirang mula sa apat na hangin ng sanglibutan, mula sa isang dulo ng langit hanggang sa kabila.*

Ang umiiral na maling katuruan ng 'pagpunta sa langit' ay di na kakailanganin pa sa ikalawang pagbabalik ni Jesucristo. Kung ang 'kaluluwa' ay nasa langit na sa oras na sila'y mamatay, bakit pa magbabalik si Jesus? Bakit kailangan pang kunin muli ang kaluluwa sa langit, ibalik sa nabubulok nitong katawan, tapos bubuhayin muli at dedesisyunan uli kung saan ito nararapat ilagay gayong ito'y dating nasa langit na?

WOW MALI!

Ang namatay ay di pupunta sa langit tulad ng paniniwala ng marami! Si Jesucristo mismo ay magbabalik dito sa lupa. Siya'y magbabalik; kasama ang mga ulap at kakatagpuin ang mga matuwid sa alapaap o sa hangin kasama Niya, dadalhin sila sa lugar sa taas lamang ng Jerusalem at ang mga paa ni Jesus ay tutuntong sa bundok ng Olivo sa araw na iyon!

Ang patunay na ito mula sa biblia mismo ng pagbabalik ni Jesus ay nagpapahayag na mali ang katuruan na ang 'kaluluwa ay pupunta sa langit.'

Mga Parabula ng Kaharian

Ngayon, pagtuunan natin ng pansin ang ilang parabula ni Jesucristo tungkol sa paparating na kaharian ng Dios dahil ito'y nagpapatunay na ang kahariang ito'y itatatag dito sa lupa. At tingnan din natin ang ilang propesiya hinggil sa kalagayan ng mundo sa panahon ng milenyo.

Kunin ang inyong biblia at basahin ang mga sumusunod na parabula ng mina at talento na mababasa sa Lukas 19:12-27 at Mateo 25:14-30. Sa bawat isa, kapwa mapupuna na yaong nagtagumpay ay binigyan ng pangakong paghahari kasama si Jesus sa mga siyudad!

Sa parabula ng Talento na mababasa sa aklat ni Mateo ito ang sinasabi:

Mateo 25:21, *Sinabi sa kaniya ng kaniyang panginoon, Mabuting gawa, mabuti at tapat na alipin: nagtapat ka sa kakaunting bagay, pamamahalain kita sa maraming bagay; pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.*

Sa parabula ng Mina na nasa aklat ni Lukas ay ganito ang sinasabi;

Lucas 19:17, *At sinabi niya sa kaniya, Mabuting gawa, ikaw na mabuting alipin: sapagka't nagtapat ka sa kakaunti, magkaroon ka ng kapamahalaan sa sampung bayan.*

Mapupuna na ang simpleng pagpapahayag ni Jesus ay di tugma sa nakasanayang katuruan na lagi nating naririnig? Walang sinasabi hinggil sa langit kundi paghahari sa lupa, sa mga siudad na tinatahanan ng mga tao, sa panahon ng isang libong taong paghahari ni Jesus na kasama tayo bilang hari. Ipinagkakaloob Niya ito sa mga nabuhay sa lupa ng magtagumpay bilang isang tapat na kristyano!

Paghahari ang Ganti sa mga Nagtagumpay

Pansinin ang nasusulat sa aklat ng Pahayag o Apocalipses!

At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa, at sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal.
(**Pahayag 2:26-27)**

Walang ibang paraan para maunawaan ito kundi tanggapin kung ano ang nasusulat! Yaong mga taong nabubuhay ng matagumpay na nilalabanan ang hatak ng likas na makasalanan gawi, ang gawa ng laman (**Galatia 5:19-21**) at makapasa sa pagsubok ay bibigyan ng lakas at kapangyarihan maghari sa mga siudad, bansa, estado o maging maraming kabuuang mga bansa!

Natatandaan nyo ba ang sinabi ni Jesus sa mga alagad Niya bago pa Siya maipako!

Mateo 19:28, *At sinabi ni Jesus sa kanila, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, na kayong nagsisunod sa akin, sa pagbabagong lahi pagka uupo na ang Anak ng tao sa luklukan ng kaniyang kaluwalhatian, kayo nama'y magsisiupo sa labingdalawang luklukan, upang magsihukom sa labingdalawang angkan ng Israel.*

Sa mga taong nabubuhay sa panahong ito at maging sa darating pa ay may pagkakataon na magharing tulad Niya sa bagong pamahalaan na itatatag sa lupang ito sa kanyang muling pagbabalik!

Pahayag 3:21, *Ang magtagumpay, ay aking pagkakaloobang umupong kasama ko sa aking luklukan, gaya ko naman na nagtagumpay, at umupong kasama ng aking Ama sa kaniyang luklukan.*

Lucas 1:32-33, *Siya'y magiging dakila, at tatawaging Anak ng Kataastaasan: at sa kaniya'y ibibigay ng Panginoong Dios ang luklukan ni David na kaniyang ama: At siya'y maghahari sa angkan ni Jacob magpakailan man; at hindi magkakawakas ang kaniyang kaharian.*

Basahin ang propesiya sa aklat ni Daniel. Matapos isalarawan ang apat na malalaking kaharian ng mga Hentil na naghari sa mundo, may isang bato na natapyas di ng mga kamay' ang lumupig sa paanan ng imahe, (ang sampung paa na sumasagisag bilang sampung hari sa aklat ng Pahayag 17). Ang batong ito ay naging 'pinakadakilang bundok na pumuno sa buong mundo.'

Malinaw sa propesiyang ito na ang sagisag ng bato ay ang magbabalik at maghaharing si Cristo! Ang malaking imahe naman ay ang sunod-sunod na paghahari ng Hentil sa mundo na siya rin HAYOP na sinasabi sa aklat ni **Daniel 7**, at **Pahayag 13** at **17**.

Ang sampung hari na lumaban kay Jesucristo sa kanyang muling pagbabalik (**Pahayag 17**) ay ang sampung paa ng isang malaking imahe, naghalong bakal at putik. Ang malawak at malaking bundok naman ay sumasagisag sa kaharian ng Dios na maghahari sa buong mundo!

Ang Kaharian ng Dios na Maghahari sa Mundo

Napakaraming patunay sa kasulatan na ang Kaharian ng Dios ay matatatag sa lupa! Narito ang ilan lamang sa malalaking patunay tungkol dito.

Nguni't sa mga huling araw ay mangyayari, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa tuktok ng mga bundok, at matataas sa mga burol; at mga tao'y paroroon sa kaniya. Maraming bansa'y magsisiparoo't magsasabi, magsiparito kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, at sa bahay ng Dios ni Jacob; at siya'y magtuturo sa atin ng kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas. Sapagka't sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem; Siya'y hahatol sa gitna ng maraming bayan, at sasaway sa mga matibay na bansa sa malayo: at kanilang papandayin ang kanilang mga tabak upang maging sudsud, at ang kanilang mga sibat upang maging karit; ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, ni magaaral pa man ng pakikipagdigma.

Kundi sila'y uupo bawa't isa sa ilalim ng kaniyang punong ubas at sa ilalim ng kaniyang punong igos; at walang tatakot sa kanila: sapagka't sinalita ng bibig ng Panginoon ng mga hukbo. **(Micah 4:1-4)**

Dito, makikita natin ang simbolo ng kaharian ng Dios na itinatag sa lahat ng mga bansa, malaki man o maliit!

Doon makakakita tayo na ang bawat embahada ng lahat ng bansa ay nagkakasundo-sundo upang magpunta sa siudad ng punong tanggapan ng Dios sa Herusalem, upang matutunan ang pamamalakad ng Dios, ang pagtupad sa Kanyang buong kautusan, at itinuturo sa mga tao ang paraan kung paanong ang gamit panghimagsikan tulad ng baril at iba pang armas ay papalitan ng kagamitang magsulong ng kaunlaran at kapayapaan!

Dito isinasalarawan ang panahon kung saan ang Dios ay mahigpit ipatutupad ang mga paraan para sa kapayapaan, kaligayahan, kasaganaan at puno ng kasiyahan!

Ang naglalakihang tangke pandigma, baril at iba pang sandata ay tutunawin at gagawing gamit sa pagtatanim at pagsasaka. Walang ng mga institusyon para sa araling pangmilitar na magtuturo ng pakikidigma!

Pansinin ang kahalintulad sa kasulatan sa **Isaias 2:2-4**, *At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag sa taluktok ng mga bundok, at magiging mataas sa mga burol; at lahat ng bansa ay magsisiparoon doon. At maraming bayan ay magsisiyaon at magsasabi, Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan, at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas: sapagka't mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem. At siya'y hahatol sa gitna ng mga bansa, at sasaway sa maraming tao: at kanilang pupukpukin ang kanilang mga tabak upang maging mga sudsod, at ang kanilang mga sibat ay maging mga karit: ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa, o mag-aaral pa man sila ng pakikipagdigma.*

Muli ay nakikita natin ang kumpletong rehabilitasyon ng mundo. Ito ang panahon ng restorasyon o panunumbalik ng lahat ng mga bagay (**Mga Gawa 3:21**). Oras para sa mga ipinanganak sa Dios sa pamamagitan ng resureksyon mula sa mga patay, ay babaguhing bigla (tulad ng nalaman natin sa I Corinto 15) at maging bahagi ng pamilya ng Dios, sasama kay Jesucristo bilang mga pinuno at hari sa lahat ng mga tao, ang mga natira matapos ang malawak at karimarimarim na kapighatian sa buong sansinukob na siguradong darating sa hinaharap!

Subalit ang tao ay makaliligtas; **Mateo 24:21-22**, *Sapagka't kung magkagayo'y magkakaroon ng malaking kapighatian, na ang gayo'y di pa nangyayari buhat sa pasimula ng sanglibutan hanggang ngayon, at ni hindi na mangyayari kailan man. At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon.*

Si Jesus ay magbabalik sa pisikal na lupang ito, at magkakaloob ng posisyon ng responsibilidad at paghahari sa mga karapat-dapat na maging miyembro ng Kanyang Kaharian! Pansinin ang magiging kasalukuyan kalagayan ng mundo matapos si Cristo ay magsimulang maghari:

Kundi hahatol siya ng katuwiran sa dukha, at sasaway na may karampatan dahil sa mga maamo sa lupa: at sasaktan niya ang lupa ng pamalo ng kaniyang bibig, at ng hinga ng kaniyang mga labi ay kaniyang papatayin ang masama. At katuwiran ang magiging bigkis ng kaniyang baywang, at pagtatapat ang pamigkis ng kaniyang mga balakang.

At ang lobo ay tatahang kasama ng kordero, at ang leopardo ay mahihigang kasiping ng batang kambing; at ang guya, at ang batang leon, at ang patabain na magkakasama; at papatnubayan sila ng munting bata. At ang baka at ang oso ay manginginain; ang kanilang mga anak ay mahihigang magkakasiping: at ang leon ay kakain ng dayami na gaya ng baka. At ang batang sanggol o pasusuhin ay maglalaro sa lungga ng ahas, at isusuot ng batang kahihiwalay sa suso ang kaniyang kamay sa lungga ng ulupong. Hindi sila magsisipanakit o magsisipanira man sa aking buong banal na

bundok: sapagka't ang lupa ay mapupuno ng kaalaman ng Panginoon, gaya ng tubig na tumatakip sa dagat. **(Isaias 11:4-9)**

Ngayon, bibigyan ko kayo ng isang simpleng tanong! Mayroon bang mga lobo, lion, baka, kordero at maging ang mga makamandag na ahas sa langit? WALA, sapagkat dito lamang sa lupang ito matatagpuan ang mga yon!

Dito makikita natin ang isang paglalarawan ng panahon ng restitusyon ng lahat ng mga bagay na inihula ni Apostol Pedro matapos ang Pentecostes;

Mga Gawa 3:20-21, *At upang kaniyang suguin ang Cristo na itinalaga sa inyo, na si Jesus(sa muling pagbabalik ni Jesus): Na siya'y kinakailangang tanggapin ng langit hanggang sa mga panahon ng pagsasauli sa dati ng lahat ng mga bagay, na sinalita ng Dios sa pamamagitan ng bibig ng kaniyang mga banal na propeta buhat pa nang una.*

Maging ang kalikasan ng mga hayop ay mababago!

Muling dahan-dahang basahin ng buo ang kasulatang nabanggit. Hindi natin kailangan ang sinuman para ipaliwanag ang mga nasabing talata. Malinaw pa sa sikat ng araw na ito ay paglalarawan ng kondisyon ng mundo sa muling pagbabalik ni Jesucristo at ang mga unang taon ng Kanyang paghahari!

Sa **Isaias 11:11-12** ganito ang mababasa, *At mangyayari, sa araw na yaon, na ilalapag ng Panginoon uli ang kaniyang kamay na ikalawa upang mabawi ang nalabi sa kaniyang bayan na malalabi, mula sa Asiria, at mula sa Egipto, at mula sa Patros, at mula sa Cus, at mula sa Elam, at mula sa Sinar, at mula sa Amath, at mula sa mga pulo ng dagat. At siya'y maglalagay ng pinakawatawat sa mga bansa, at titipunin niya ang mga tapon ng Israel, at pipisanin ang mga nangalat ng Juda mula sa apat na sulok ng lupa.*

Mapapansin na marami sa mga bansa sa mundo, makikilala sa kanilang sinaunang pangalan, ang nabanggit. Sinabi ng Dios na titipunin Niya sa ikalawang pagkakataon ang mga naturang mga tao sa mga bansa sa lupa maging sa mga isla sa dagat.

Katungkulan ng mga Lingkod ng Dios

Makatuturan bang isipin o sabihin na matapos nating pag-aralin ang ating anak para maging sundalo o marino, at magdaan sa mahabang taong pag-aaral at pagsasanay sa pakikidigma o sa paglilingkod sa lipunan at matutong gumamit ng sandata at maluwalhating nakapagtapos, ay sasabihin natin na "Ngayong nakatapos ka na mag-aral, maaari ka ng magretiro." Isang malaking kahangalan!

Gayunpaman, sinabi ni Jesus "*sa pamamagitan ng maraming mga kapighatian ay kinakailangang magsipasok tayo sa kaharian ng Dios*," (**Mga Gawa 14:22**) at ipinangako sa mga tapat Niyang lingkod "*Sa sanglibutan ay mayroon kayong kapighatian: nguni't lakasan ninyo ang loob; aking dinaig ang sanglibutan.* (**Juan 16:33**) Sinabi ni Pedro na *'kung ang taong matuwid ay napakahirap maligtas, ang di kumilala sa Dios, paano pa maliligtas?'* Malinaw sa mga nasabing talata na hindi basta makakapasok sa kaharian ng Dios ang sinumang magnais nito, hindi madali makamtan ang kaharian ng Dios, dadaan sa hirap at kapighatian ang gustong makamit ito!

Sa sermon sa bundok Olivo, inilarawan ni Jesus na ang daan sa paparating na Kaharian ng Dios ay makitid na daan! Ang daan na magdadala sa kapahamakan ay malawak, may nagkikislapang ilaw, at kagilagilas na atraksyon. Subalit ang daan patungo sa Kanyang kaharian ay makitid, masalimuot at lubhang napakahirap daanan!

Kadalasan, sa biblia ay gumagamit ng paghahambing sa serbisyo militar at ito ay pinatutungkol sa mga kristiyano. Ang selyo ng Iglesia ng Dios Internasyunal (Church of God International) at nagpapakita ng helmet, baluti at tabak na gamit ng isang kawal tulad ng mababasa sa **Efeso 6:11-18** na sumasagisag sa buong kalasag ng Dios para magapi ang gawa ng kaaway**.**

Si apostol Pablo ay hinikayat si Timoteo maging matiisin sa paghihirap na dinaranas nila na *gaya ng mabuting kawal ni Cristo Jesus*.

Sa isang banda, sinabi ni Pablo na 'ang mga sandata ng aming pakikilaban ay hindi ukol sa laman, kundi sa harapan ng Dios ay may kapangyarihang gumiba ng mga kuta' (**2 Corinto 10:4**)

Sinabi ni Jesus;

'At ang magtagumpay, at tumupad ng aking mga gawa hanggang sa katapusan, ay bibigyan ko ng kapamahalaan sa mga bansa. At sila'y paghaharian niya sa pamamagitan ng isang panghampas na bakal, gaya ng pagkadurog ng mga sisidlang lupa ng magpapalyok; gaya naman ng tinanggap ko sa aking Ama' (**Pahayag 2:26-27**)

Ginamit ng Dios ang ganitong paghahambing upang maipakita sa mga kristiyano na bahagi sila sa pagsasanay at sa isang uri ng pakikidigma tulad ng isang tunay na kawal.

Ang isang kristiyano ay patuloy sa pakikibaka, pag-aaral, paglago, paglinang ng karunungan, pagpapagal, pagmamahal at kababaan-loob!

Ang tunay na kristiyano ay lumalaban kay Satanas, ang diablo, at iniiwasan ang hatak ng laman, hindi nakikipaglaban sa pisikal na kaaway sa pamamagitan ng baril at bala!

Ang mundo ay isang malaking lugar para sanayin ang tao upang maging karapatdapat sa kaharian ng Dios! Upang ang sinuman ang magtagumpay ay magiging karapatdapat na pagharian ang mundo kasama si Jesucristo!

Sa mga tunay na kristiyano ay may malawak na layunin ang Dios! Ang Dios ay gumagawa ng plano dito. Gayunpaman, milyong katao ang di nalalaman ito—nananatili silang ignorante sa plano ng Dios sa kanilang buhay! Kadalasan ang nakikita nilang plano ng Dios ay para sa kanilang materyal na pangangailangan, subalit may inihanda ang Dios na higit pa doon.

Sa katotohanan ang Dios ay tumatawag ng mga pangkat ng mga tao kung paanong si Jesus ay tumawag ng labindalawang alagad at binuo sila bilang haligi ng kanyang Iglesia. Gayun din si Jesus ay tumatawag ng lupon ng tao sa pamamagitan ng ebanghelyo bilang hirang na tutugon sa panawagan sa panahong ito na dadaan sa matinding pagsasanay at pagsubok para maging dapat sa paparating na paghahari sa mundong kasama Siya.

Mateo 24:22, *At malibang paikliin ang mga araw na yaon, ay walang lamang makaliligtas: datapuwa't dahil sa mga hirang ay paiikliin ang mga araw na yaon.*

May nakauunawa ba sa kagila-gilalas ng malawak at malalim na plano at layunin ng Dios?

Maraming simbahan at maging pananampalatayang kristiyano ang di nagtuturo nito. Ang tunay na iglesia ng Dios ay inihahanda ang mga tunay na kristiano sa mga posisyon para sila'y maging dapat bilang mayor, punong ministro, presidente, prinsipe at HARI sa paparating na kaharian ng Dios! Sila ay bibigyan ng katungkulan mula sa Makapangyarihang Dios!

Silang maghahari kasama si Jesus ay magkakaroon ng karunungang higit kay Solomon; ng pag-ibig at awa ni Jesucristo, upang mapagharian ang kanilang masasakupan ng maayos, sa kahabagan at katuwiran, ng may katatagan at kapangyarihan kung kinakailangan!

Oo, dito sa lupa higit tayong kailangan! Walang problemang dapat ayusin sa langit! Tumatawag ang Dios hindi upang idaan sa pagsubok, pagsasanay at palaguin sa karunungan; at labanan ang tawag ng kanilang laman upang ganap na matulad kay Jesucristo para lamang sila'y pagpahingahin o pagretiruhin! Nakalaan sila sa higit na mabigat at malawak na katungkulan sa paparating na pamahalaang sa Dios!

Mula sa aklat ni Juan sa isang pangitain na nasusulat ay ganito ang sinasabi;

At tumingin ako, at narito, ang Cordero ay nakatayo sa bundok ng Sion, at ang kasama niya'y isang daan at apat na pu't apat na libong may pangalan niya, at pangalan ng kaniyang Ama, na nasusulat sa kanikaniyang noo. At narinig ko ang isang tinig na mula sa langit, na gaya ng lagaslas ng maraming tubig, at gaya ng ugong ng malakas na kulog: at ang tinig na aking narinig ay gaya ng sa mga manunugtog ng alpa na tumutugtog ng kanilang mga alpa: At sila'y nagaawitan na wari'y isang bagong awit sa harapan ng luklukan, at sa harap ng apat na nilalang na buhay at ng matatanda: at sinoman ay hindi maaaring matuto ng awit kundi ang isang daan at apat napu't apat na libo lamang, sa makatuwid ay siyang mga binili mula sa lupa. Ang mga ito'y ang hindi nangahawa sa mga babae; sapagka't sila'y mga malilinis. At ang mga ito'y ang nagsisisunod sa Cordero saan man siya pumaroon. Ang mga ito'y ang binili sa gitna ng mga tao, na maging mga pangunahing bunga sa Dios at sa Cordero. (**Pahayag 14:1-4**)

Posible ba na ikaw ay tinatawag na, ngayon, upang mabilang sa mga 'Pangunahing Bunga' bubuhayin sa pagdating ni Jesus? Maaari kayang binubuksan ng Dios ang iyong isipan upang maunawaan ang katotohanang ito mula sa Kanya?

Ngayon ay magdesisyon ka. Maaari mong itupi ang aklat na ito at kalimutan ang lahat ng katotohanang iyong nabasa at patuloy ka sa maling paniniwalang kinagisnan mo na.

Maaari rin naman na umpisahan mong pag-aralan ang mga bagay na sinasabi dito at magsaliksik sa gabay ng Banal na Kasulatan ang lahat ng katotohanang nabasa mo rito.

Ikaw ang magdesisyon kung ano ang paniniwalaan mo, ang katotohanan o ang isang kathang isip lamang!